

1

Hindi makapaniwala si Bianca na malaki na pala ang utang niya sa kaibigang si Lorelei. Imagine, three hundred fifty thousand na ang kuwenta nito! It was almost half million.

Saan siya kukuha ng ganoon kalaking halaga? Kung aasa siya sa sahod niya, matagal pa bago siya makaipon ng nabanggit na halagang iyon.

Kung bakit kasi naging masyado siyang maluho. She spent a lot of money on clothes, travel and even on her beauty regimens. Kulang ang sinasahod niya sa mga kapritso niya kaya kadalasan ay si Lorelei ang nagbabayad kapag magkasama sila. Malaki rin ang binabayaran niyang renta sa tinitirahang apartment.

Hindi niya namalayan na lumalaki na pala ang kanyang utang. Ang pagiging maluho niya ang naglagay sa kanya sa balag ng alanganin.

She sighed in dismay. Biglang sumakit ang kanyang ulo. Ano ang gagawin niya? Kanino pa siya mangungutang para ibayad dito?

Ibinagsak niya ang katawan sa kama. Parang gusto niya uling matulog at hindi na magising. Subalit hindi pumasok sa isip niya ang magpatiwakal upang makatakas lamang sa problemang siya ang may gawa. She must think of a way.

Lovers In Laverna - Ally Falcon

Iniisip din niya kung bakit maaga siyang tinawagan ni Lorelei para sabihin lang sa kanya na malaki na ang utang niya. Kilala niya ang kaibigan. She knew she's up to something. Hindi naman ito gipit para maningil. Her foreigner husband was a millionaire.

Pareho silang nurse sa England. Mas matanda ito sa kanya at maganda rin. Pinalad itong makapag-asawa ng isang Portuguese businessman na naka-base sa London. Siya naman ay papalit-palit pa rin ng boyfriend hanggang ngayon.

Muli siyang bumuntong-hininga. Naalala niyang may date nga pala sila ng boyfriend niyang si Tom. Isa itong Scottish na nagtatrabaho bilang pharmacist sa London. He was a divorcee. May isang taon na rin silang magkasintahan. Magandang lalaki ito at hindi kuripot. Isa lang ang inaalala niya. Kapag tinulungan siya nito ay pihadong hihingi ito ng kapalit. At alam na niya kung ano iyon.

Alam niya kung gaano kalaki ang paghahangad nito na maikama siya. He had tried to seduce her many times, but she always found a way to evade him.

Naghanda na siya para sa pakikipagkita sa nobyo.

Kung hindi nakapagpigil si Bianca ay tiyak na nasampal na niya ang lalaki. She was disappointed and furious. Hindi niya mapaniwalaan na magagawa siya nitong insultuhin.

Tumayo siya at lumabas ng restaurant. Nagsisikip ang kanyang dibdib sa galit kay Tom. Mayamaya ay sumunod ito sa kanya. His face was apologetic.

“I’m sorry,” he said.

Hindi niya ito pinansin. Hinawakan siya nito sa braso at pinihit paharap. Lalo itong na-guilty nang makita ang sakit sa mga mata niya.

“Can you forgive me, Babe?” Tila totoo naman ang pagsisipi nito.

“I had no idea that you see me as a cheap girl, Tom. You’re my boyfriend and I trusted you. Even love you,” puno ng hinanakit na sumbat niya sa nanginginig na boses.

“I’m sorry, Honey. I didn’t mean to say it,” mapagpakumbabang sabi nito.

“If you can’t help me, it’s fine with me. Just don’t ask me to do something I don’t want to do. Especially to sell myself to you. I may be a spendthrift but I’m *not* a whore.”

“It’s not like that. I respect you.”

“Do you?” mapait na saad niya.

“Yes.”

“Liar! You don’t respect me at all.”

“I do, Babe. I do,” pilit nitong pangungumbinsi.

She shook her head. She was too hurt to listen to him. Hindi niya alam kung bakit sinabi pa niya rito ang problema niya. Hindi pa niya ito kayang patawarin.

“I have to go, Tom. Let go of my arm.”

“No, Bianca. Let’s talk, Baby. Let’s settle this.”

“Some other time, Tom.”

“Please?”

But she remained firm. Wala itong nagawa kundi ang hayaan na lamang umalis ang dalaga.

“Come on, Lei. Iba na lang ang ipagawa mo sa ’kin,” apila ni Bianca nang marinig niya ang gustong mangyari ng kaibigan.

“Wala na akong ibang gustong ipagawa sa ’yo, Sis. Ito lang,” ani Lorelei.

“Pero mahirap ang ipinapagawa mo sa ’kin.”

“Malaki rin naman ang utang mo sa ’kin.”

Hindi siya nakakibo. Pakiramdam niya ay lalo lang bumigat ang kanyang problema. Parang sinasadya siyang gipitin nito.

Ngayon niya pinagsisisihan kung bakit hinayaan niyang

lumaki nang husto ang pagkakautang niya rito. She had been too irresponsible. Isa siyang registered nurse at hindi masasabing maliit lang ang suweldo niya. Kung tutuusin ay sobra-sobra pa sa kanya ang kinikita niya, pero dahil sa masyado siyang maluhong ay palagi siyang walang pera.

“Ano, gagawin mo ba?” untag ni Lorelei, tila naiinip na.

She sighed in surrender. “Yeah,” matamlay niyang sagot.

“Good. I will arrange everything. Don’t worry, ako ang bahala sa plane ticket mo at pangastos pagdating mo sa ‘Pinas.”

“Sige,” maikling sagot niya. Hindi niya maiwasan na magdamdam sa kaibigan. Tila naging malupit ito sa kanya.

“Wag kang magalit sa ‘kin, Sis. Secondary reason lang ang utang mo. I trust you kaya ipinapagawa ko ito sa ‘yo,” she explained as if reading Bianca’s thoughts.

“Okay lang, Lei. Malaki naman talaga ang utang ko sa ‘yo.”

Kinuha nito ang kamay niya at pinisil iyon. Kaagad naglubag ang loob niya sa gesture nito. Totoo kasing siya lang ang pinakamalapit nitong kaibigan. Palibhasa ay pulos banyaga ang nasa paligid nila.

“Kailan mo ako pauwiin ng Pilipinas?” tanong niya.

“As soon as possible.”

Hindi naglipat-linggo ay pabalik na si Bianca ng Pilipinas. Tulad ng sinabi ni Lorelei, ito ang nag-asikaso ng lahat ng dapat asikasuhin.

Lahat ng hinanakit niya rito ay ganap nang naglaho. Nauunawaan na niya ito. Masuwerte pa nga siya dahil binigyan siya nito ng pagkakataon para mabayaran niya ang kanyang pagkakautang dito.

Hahanapin lang naman niya ang anak na iniwan nito sa Pilipinas. Naghahangad na kasi ang asawa nitong si Leon ng anak. Dahil hindi na puwedeng magbuntis si Lorelei, ang gusto nito ay mag-ampon. Pero ayaw ng kaibigan dahil may sarili itong anak.

Sa kasalukuyan ay nakatakdang operahan sa bituka si Leon kaya hindi ito maiwan ni Lorelei. At ang gusto ng lalaki ay makita ang bata pagkatapos ng operasyon nito. Kaya naman siya na lang ang pinagkatiwalaan ng babae na maghanap sa iniwan nitong anak.

Hindi pa rin siya makapagpasya kung uuwi siya sa bahay ng mga magulang. Tiyak na magtataka ang mga ito sa biglaan niyang pag-uwi. Hindi siya handang magpaliwanag at ipagtapat sa mga ito ang sitwasyon niya.

Minabuti niyang mamalagi sa bahay ni Lorelei sa Makati. Doon tumutuloy ang kaibigan niya kapag nasa Pilipinas ito.

Naalala niya si Tom. Nagkaroon sila ng maikling pag-uusap at gusto nitong magkaayos sila bago siya umalis. Hindi siya

pumayag.

“Will you come back?” he dared to ask.

“I don’t know,” sagot niya.

Nakita niya ang kabiguan sa mga mata nito, ngunit wala siyang pakialam. Hindi pa rin niya ito napapatawad sa kabastusan nito. The guy was a chauvinist. Babayaran umano nito ang utang niya, pero kailangan niyang lumipat sa apartment nito at mag-live-in sila.

Ipinilig niya ang ulo. Ayaw na niyang alalahanin pa ang mga nangyari sa kanila ni Tom. Sasama lang ang loob niya. Sa halip ay ipinikit niya ang mga mata at ipinahinga ang sarili.

Isang araw lang nag-stay si Bianca sa bahay ni Lorelei. Kaagad siyang lumipad patungong Cagayan kung saan naroon ang anak nito. Ibinigay nito sa kanya ang eksaktong address ng taong nangangalaga sa bata.

Nag-check-in siya sa *Laverna Farm and Resort*. Isang oras na biyahe iyon mula sa Tuguegarao. She fell in love with the place so soon. Malamig at sariwa ang hangin. Puwede siyang maligo sa pool o kaya ay mag-boating sa lagoon.

There’s really no place like home. It’s been three years since the last time she visited the Philippines. At ngayon lang siya nakapunta sa Cagayan. She was a native of Ilocos.

Nagpahinga lang siya sandali at muli siyang lumabas. May mga tricycles na nakapila di-kalayuan sa resort.

“Saan tayo, Ma’am?” tanong ng tricycle driver na nangunguna sa pila.

Sinabi niya rito ang address at dinala siya nito roon. Isang lumang bahay iyon na tila sa isang paghampas lang ng malakas na hangin ay tiyak na babagsak na. Ang konswelo lang ay ang malawak na bakuran na may magandang hardin.

“Pakihintay n’yo na lang ako,” sabi niya sa driver.

“Opo, Ma’am.”

Bumaba siya sa tricycle at kumatok sa hanggang leeg na tarangkahang yari sa yero.

“Tao po.”

“Andiyan na,” sagot ng isang malumanay na tinig ng isang babae.

Mayamaya ay sumungaw sa pinto ng bahay ang isang payat na babae na sa tantya niya ay hindi nalalayo ang edad sa kanya. Lumapit ito sa tarangkahan.

“Ano po ang kailangan nila?” magalang na tanong nito.

“Magandang umaga po. Dito ba nakatira si Jeffrey Salazar?” mahinahong sagot niya.

“Sino po sila?”

“Kaibigan niya ako.”

“Mag-iisang taon nang wala si Kuya Jeffrey. Patay na siya,” pagbibigay-alam nito.

“Oh! I’m sorry to hear that. I mean, hindi ko alam. I’m sorry.” Tumango ito. “Are you his sister?”

“Oo. Ako si Elma.”

“Ako naman si Bianca.”

“Ano’ng maipaglilingkod ko sa ’yo, Bianca?”

“Wala naman. Gusto ko lang sanang kumustahin ang kuya mo pero wala na pala siya. Nakakalungkot.”

Parang gusto niyang mapahiya sa sarili. Lahat kasi ng sinasabi niya ay pulos kasinungalingan. Subalit kailangan niyang kumbinsihin ang kausap na isa siyang kaibigan at hindi isang kaaway. Tiyak na alam ng kaharap niya kung nasaan si Lorelei.

Biglang may lumabas na bata mula sa loob ng lumang bahay. Marahil ay nasa lima hanggang anim na taon na ito.

“Auntie!” tawag nito kay Elma, sabay takbo palapit sa babae.

Tinitigan ni Bianca ang bata at kaagad siyang kinutuban. The kid has Lorelei’s eyes!

“May kailangan ka, Godfrey?” masuyong baling ni Elma sa

bata.

“Di ko po maabot ang laruan ko,” sumbong ng paslit.

“Mamaya na, ha? May kausap pa si Auntie.”

Saka lang tumingin sa kanya ang bata. Nginitian niya ito.

“Hello,” bati niya. “I’m Bianca.”

Hindi sumagot si Godfrey. Sa halip ay tumakbo ito pabalik sa loob ng bahay. Pagbaling niya kay Elma ay nahuli niya ang mapagmahal nitong tingin sa bata. Parang bigla siyang naawa rito, lumambot ang loob niya.

“Anak mo?” tanong niya.

Umiling ito. “Hindi. Anak siya ni Kuya Jeffrey.”

“Oh, I see. Ikaw ang nag-aalaga sa kanya?”

“Oo,” anito na sinabayan ng tango.

“What about Jeffrey’s wife?”

“Wala siya dito.”

“Pasensya ka na kung matanong ako, ha,” hingi niya ng paumanhin nang mapansin ang uneasiness nito. “Anyway, napadaan lang ako. I have to go.”

“Sige.”

“Err... puwede ba akong dumalaw uli dito? Diyan lang

naman ako sa *Laverna Resort* naka-check-in. I hope you don't mind."

"Ikaw ang bahala."

Ngumiti siya. "Thanks." Tumalikod na siya at sumakay sa naghihintay na tricycle.

Tinawagan ni Bianca ang kaibigan para ipaalam dito ang naging resulta ng lakad niya.

"Malaki na ba ang anak ko, Friend?" excited na tanong ni Lorelei.

"Yeah. He's cute at mukhang malapit siya sa tiyahin niya," imporma niya.

"Ano raw ang ikinamatay ni Jeffrey?"

"Hindi ko naitanong."

Napabuga ito ng hangin. "Poor Jeffrey. Anyway, ang anak ko lang ang kailangan ko. Ngayong wala na si Jeffrey, puwece ko nang kunin ang bata."

Hindi siya sumagot. Parang nagdadalawang-isip na siya. Elma seemed very nice. At tila mahal na mahal nito si Godfrey. Naramdaman niya iyon nang una niyang makaharap ang dalawa. She shouldn't feel this way. Dapat na kay Lorelei lang ang loyalty niya. Walang ibang dahilan ang pagpunta niya

Lovers In Laverna - Ally Falcon

sa Pilipinas kundi kunin ang anak nito. She must do what she agreed to do.

“Next time you see them, sabihin mo na kay Elma na kukunin mo na si Godfrey. You have to be here as soon as possible,” Lorelei demanded.

“Please give me some time, Sis.”

“Why?”

“Siyempre gusto ko munang maglibot sandali. I miss home.”

“How much time do you need?” usisa nito.

“A month?” umaasam na tugon niya. “Oh no! One week,” kontra nito.

“One month.”

“Bianca!”

“Please!”

“Two weeks. I can only give you two weeks, Girl,” pinal na pahayag nito.

Hindi na siya nakapagreklamo pa.